



March 2018
Vol. 1 Issue 6

KABAYAN

Polyetong Pinoy

Konsultasyon sa Buwis para sa mga dayuhan 2018

Nilalaman:

<i>Hinamatsuri (ひなまつり)</i>	2
<i>Mga Dapat Malaman tungkol sa My Number System</i>	3
<i>Inside Story: Potatoes, Eggs, and Coffee Beans</i>	3
<i>Basic Japanese Lesson</i>	4
<i>Community Board</i>	4
<i>Announcement</i>	4

Ginapanonong Pebrero 4 at 11, 2018 (Linggo) sa Toyohashi City Hall ang Tax Consultation para sa mga dayuhan na naninirahan sa Toyohashi at sa mga kalapit na lugar. Gaya noong nakaraang taon ay kasama rin ang mga accountant mula sa Tokai Tax Administration Association Toyohashi Branch. Nagtutulong-tulong din ang ABT (Toyohashi Brazil Association) at TFA (Toyohashi Filipino Association) para sa mga volunteer interpreter na tutulong para sa mga araw na nasabi, partikular na sa mga Brazilian at Pilipino na tumawag at nagpalista upang maayos na makapagdeklara ng kanilang mga buwis sa taong ito.

Taun-taon ay parami ng parami ang mga taong nagpapalista para sa pro-

gramang ito upang magpakonsulta ng kanilang buwis. Kaya naman puspusan din ang paghahanda ng mga tao sa TIA (Toyohashi International Association)

Ipinapayo na magdeklara ng kanilang buwis taun-taon upang maisali sa kalkulasyon ang mga binayaran sa residence tax, national health insurance tax at pension hoken. Maaari rin ikonsulta ang tungkol sa paglalagay ng dependant, upang bumaba ang babayaranang buwis taun-taon.




Blue- kulay ng card para sa mga Pilipino
Yellow- kulay ng card para sa mga Brazil

Points to ponder

*"All our dreams
can come true if
we have the
courage to
pursue them"*

—Walt Disney



Hinamatsuri (ひなまつり)

Ang Hinamatsuri (ひなまつり), na tinatawag din na Doll's Day or Girls' Day, ay isang espesyal na araw sa Japan. Ito ay ipinagdiriwang taun-taon tuwing Marso 3, kung saan nakadisplay sa isang platform na hagdanan (*binadan*) na nababalutan ng pulang carpet ang mga ornamental dolls (*bina-ningyou*). Sa taas inilalagay ang Emperor (*odairisama*), Empress (*obinasama*), na kumakatawan sa mga miyembro ng imperial family, kasunod nito ang *sannin kanjo* (3 court ladies), *gonin bayashi* (5 musician), mga tagapaglingkod na nakasuot ng tradisyonal na damit. Ang lahat ng nakadisplay sa platform ay tinatawag na *hinakazari*. Nagmula ang


kultura na ito sa Kyoto at nagsimulang kumalat sa buong bansa sa ikalabing walong siglo

Ang kaugalian na inumin para sa pagdiriwang na ito ay *shirozake*, *sake* na gawa mula sa *fermented rice*. Ang *bina-arare*, isang matamis na pagkain na gawa sa bigas at asukal, *bishimochi*, isang cake na hugis diamond ay inihahanda sa araw na ito. Ang *chirashizushi* (sushi rice na tinimplahan ng asukal, suka, hilaw na isda at iba pang rekado) ay karaniwang kinakain sa araw na ito. Ang *ushiojiru* o sabaw na naglalaman ng clam shell ay inihahanda rin, dahil ang mga pagkain na may halong clam shell ay itinuturing na simbolo ng nagkakaisa at mapaya-

pang mag-asawa.

Ang mga pamilya ay madalalas na bumibili ng bagong set ng ornamental dolls (*bina-ningyou*) kapag naipanganak ang unang babae sa pamilya, samantalang ang iba naman ay ipinapasa ang *hinakazari* mula sa unang henerasyon sa susunod. Ang ornamental dolls (*bina-ningyou*) ay idinidisplay tuwing Pebrero at itinatago ito kaagad pagkatapos ng pagdiriwang dahil may pamahiin na kapag hindi ito itinatago kaagad ay matatagalan bago makapag-asawa ang anak na babae.

Ang pag-set up, pagliligpit at pagtatago ng *binadan* ay nangangailangan ng oras, pasensya at espasyo kaya naman karamihan ay bumibili na lamang ng mga simple at compact na ornamental dolls (*bina-ningyou*) kung saan ang *odairisama* at *obinasama* lamang ang nakadisplay sa isang babasaging lalagyan, ito rin ay tinatawag na *shinnou kazari*.



Hinadan

(mula sa kaliwa pakanan)

- hinadan (obinasama, odairisama, sannin kanjo, gonin bayashi, mga tagapaglingkod, pagkain at ibpa hinakazari)
- ushiojiru
- arare
- chirashizushi
- shirosake



Shinnou kazari



Ushiojiru



Arare




Chirashizushi



Shirosake

Mga Dapat malaman tungkol sa “My Number” System



Simula noong Enero 2016, ang lokal na gobyerno at iba pang mga organisasyon sa bansang Japan ay sinimulang ipatupad ang “My Number” system.

Ano nga ba ang “My Number” system?

Ang “My Number”--na kilala rin sa tawag na “Individual Number”--ay ang Japanese Social Security at Tax Number System” (Shakai Hoshou Zei Bangou Seido). Ang bawat mamamayan ay inabisuhan sa kanilang mga tahanan ng kani-kanilang unique 12-digit number na gagamitin ng lokal na gobyerno at iba pang organisasyon para sa social security administration, taxation, at disaster response.

Gagamitin din ito ng mga ahensiya ng gobyerno para sa mabilis na maibahagi ang mga impormasyon

tungkol sa mga indibidwal nang hindi na kina-kailangang mangolekta ng impormasyon mula sa iba.

Ang “My Number” system ay para sa mga native Japanese at mga dayuhan na nanirahan sa Japan ng higit sa tatlong buwan, na may registered address sa Japan at mayroong residence card.

Ang “My Number” Card ay magagamit na personal identification dahil ito ay naglalaman ng inyong pangalan, address, kapanganakan, kasarian, at larawan ng inyong mukha. Ngunit, hindi mo maaaring ipaalam ang iyong “My Number” code sa kahit na sino.

Potatoes, Eggs, and Coffee Beans ... which one are you?

Once upon a time a daughter complained to her father that her life miserable and that she didn't know how she was going to make it. She was tired of fighting and struggling all the time. It seemed just as one problem was solved, another one soon followed.

Her father, a chef, took her to the kitchen. He filled three pots with water and placed each on a high fire. Once the three pots began to boil, he placed potatoes in one pot, eggs in the second pot, and ground coffee in the third pot.

He then let them sit and boil, without saying a word to his daughter. The daughter, moaned and impatiently waited, wondering what he was doing.

After twenty minutes he turned off the burners. He took the potatoes out of the pot and placed them in a bowl. He pulled the eggs out and placed them in a bowl.

He then ladled the coffee out and placed it in a cup. Turning to her he asked. “Daughter, what do you see?”

“Potatoes, eggs, and coffee,” she hastily replied.

“Look closer,” he said, “and touch the potatoes.” She did and noted that they were soft. He then asked her to take an egg and break it. After pulling off the shell, she observed the hard-boiled egg. Finally, he asked her to

sip the coffee. Its rich aroma brought a smile to her face “Father, what does this mean?” she asked.

He then explained that the potatoes, the eggs and coffee beans had each faced the same adversity—the boiling water.

However, each one reacted differently.

The potato went in strong, hard and unrelenting, but in boiling water, it became soft and weak.

The egg was fragile, with the thin outer shell protecting its liquid interior until it was put in the boiling water. Then the inside of the egg became hard.

However, the ground coffee beans were unique. After they were exposed to the boiling water they changed the water and created something new.

“Which are you,” he asked his daughter. When adversity knocks on your door, how do you respond? Are you a potato, an egg, or a coffee bean?”

Moral: In life, things happen around us, things happen to us, but the only thing that truly matters is what happens within us.

Multicultural Society and International Affairs Division

11th floor East Building, Toyohashi City Hall
Phone: 0532-51-2023

www.city.toyohashi.lg.jp/2679.htm

<https://facebook.com/1484tabunka/>

Reach out, build connections and live a happy life in Toyohashi.

Kung kayo ay may puna o suhestiyon, maaari nyong i-message sa FB page (private message)
<https://facebook.com/1484tabunka/>

Kung nais nyo din na mag-ambag ng mga artikulo o istorya, anunsiyo o pagbati, maaari nyong ipa-

Tagalog Interpreter

Available sa Toyohashi City Hall tuwing
Lunes at Martes, 9:00 am - 3:00 pm

Basic Japanese Lesson

こんにちは。 (Konnichiwa.) Hello!	わかりません。 (Wakarimasen.) I don't understand.
さようなら。 (Sayōnara.) Goodbye!	すみません。 (Sumimasen.) Excuse me.
お元気ですか。 (O-genki desu ka?) How are you?	ありがとうございます。 (Arigatō gozaimasu.) Thank you.
愛しています。 (Aishite imasu.) I love you.	本当ですか？ (Hontō desu ka?) Really?
ごめんなさい。 (Gomennasai.) I'm sorry.	美味しいです！ (Oishii desu!) It's delicious!
素晴らしいです！ (Subarashii desu!) Awesome!	いくらですか。 (Ikura desu ka.) How much is it?

Community Board



Tuwing Lunes 7:30pm ~ 9:00pm

Impormasyon mula sa Aichi Police

~ Pag-iingat laban sa mga magnanakaw: sa sasakyan man o sa loob ng bahay ~

Narito ang anim na paalaala

1 Kapag bumaba ng sasakyan siguraduhing isara ang mga bintana, tanggalin ang susi sa ignition at i-lock ang pinto.

Kahit sa maling oras lamang tulad ng pagpunta sa convenience store o pagbili ng inumin sa vending machine ay maaaring mabiktima ng mga magnanakaw.

2 Huwag iwanan ang "bag" at iba pang mahahalagang bagay sa loob ng sasakyan.

Kahit na ang "golf bag" na nakalagay sa trunk ng sasakyan ay ninanakaw na rin.

3 Gumamit ng ilang mga "gadget" upang hindi manakawan ng sasakyan.

Maliban sa immobilizer, magdagdag ng iba pang mga gadget tulad ng kandado para sa manbela (tulad ng nasa larawan), alarm na may "human detection sensor" at iba pa.

4 I-lock ang pinto at mga bintana kahit na nasa loob lang ng bahay.

Siguraduhin na nakalock ang pinto at mga bintana bago matulog at kapag aalis ng bahay. Ang bintana sa kalawang palapag ay maaaring maging daanan ng mga magnanakaw.

5 Maglagay ng iba pang mga "lock gadgets" at anti-crime film sa pinto at mga bintana.

Makakatulong ang mga aparatong ito upang mapigilan ang mga magnanakaw na makapasok sa inyong tahanan.

6 Gumamit ng iba't-ibang mga paraan panlaban sa mga magnanakaw.

Pagsamahin ang iba't-ibang mga paraan at mga aparato upang hindi mabiktima ng mga magnanakaw, tulad ng pag-set ng mga alarm, paggamit ng shutter at paglagay ng mga malilit na bato sa paligid ng inyong tahanan.

An excerpt from the Portuguese radio program "Radio Nikkei" broadcasted on 9/29/2017